BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS:** Enero 12, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.760.0285

## Distrito ng Hangin, nakipag-areglo sa Air Liquide

*Kumpanya, magbabayad ng $159,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin*

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na sumang-ayon ang Air Liquide Large Industries, US LP na magbayad ng $159,000 para maareglo ang mga paglabag na nangyari sa hydrogen plant nito sa San Francisco Oil Refinery sa Rodeo.

Sinasaklaw ng pakikipag-areglo na ito ang pitong Paunawa ng Paglabag na ibinigay sa kumpanya para sa hindi pagsunod sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin at sa mga operasyon nitong nangyari sa pagitan ng 2016 at 2021.

“Pangunahin naming priyoridad ang pagprotekta sa kalidad ng hangin para sa lahat ng residente ng Bay Area,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang pakikipag-areglo na ito ay isang paraan para matiyak na magiging responsable ang Air Liquide sa pagsunod sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin at hindi nito malagay sa panganib ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng mga operasyon nito.”

Kasama sa iba't ibang uri ng natugunang paglabag sa pakikipag-areglo na ito ang:

- Mga isolated at hindi matinding paglabag na nauugnay sa emisyon
- Labis na emisyon na nagpatuloy pagkatapos ng inisyal na pagsisikap para isaayos ito
- Paggamit ng sistema ng pagsubaybay sa patuloy na mga emisyon na hindi wastong nasertipika
- Mga hindi matinding paglabag sa pangangasiwa

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pakikipag-areglo na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para itama ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aareglo ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Distrito ng Hangin tulad ng inspeksyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aareglo na ito.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Distrito ng Hangin Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Distrito ng Hangin Homepage* | *News Releases*

*2022-003*